# 1

“Hindi pa rin ba gising si Ella? Inumaga na naman siguro ng uwi ang batang ‘yan, ‘no!” napasimangot na nasabi ni Mrs. Celia Licas nang maupo ito sa hapag at makitang tanging ang asawa at ang panganay na anak na si Maan lamang ang naroroon.

“Good morning!” masiglang bati ni Ella na biglang sumulpot at naupo sa tabi ng ate.

“O, anong oras ka na naman umuwi kagabi?” pagsalubong kaagad sa kanya ng ina.

“Uhm… maaga pa po,” tugon niyang hindi makatingin sa magulang habang pinapahiran ng butter ang sliced bread.

“Maaga o umaga na? *Por Dios*, Ella! Kababae mong tao, inuumaga ka sa kalsada!” paninimula ng litanya nito.

“Mama, kaya naman po ako inuumaga ay dahil nagtatrabaho ako, hindi dahil sa gumi-gimmick ako sa mga bars na pinupuntahan ko,” pilit niyang pagpapaliwanag.

“Trabaho? Kalokohan! Bakit ba hindi mo na lang

gamitin 'yang pinag-aralan mo kesa magkakanta-kanta ka d'yan sa mga bars na 'yan!" patuloy pa ni Mrs. Licas na isang retired private school teacher.

"Ma, alam mo namang pangarap ko ang maging isang singer. Tinupad ko na nga po ang gusto n'yo na kumuha ako ng Education kahit hindi ko 'yon gusto. Ngayong nakatapos na po ako, pagbigyan n'yo naman po sana akong tuparin ang pangarap ko…" pakiusap ng twenty-four-year-old na si Ella na unti-unti nang nararamdaman ang pagkawala ng gana.

"Oo nga naman, Celia, pabayaan mo na lang ang anak mo sa gusto niya. Buhay niya 'yan, eh," pagkampi sa kanya ng amang si Mr. Jun Licas na noon pa man ay supportive na talaga sa kanyang pagkanta.

"Kaya nagiging matigas ang ulo niyang anak mo, kinakampihan mo kasi parati!" ang pagbabaling nito ng init ng ulo sa asawa.

Samantala, Ella could only look at her sister and shake their heads. Wala pa rin talagang ipinagbago ang kanilang ina, sa araw-araw na lamang na ginawa ng Diyos ay kasalo na talaga nila sa pagkain ang panenermon nito.

*Hindi bale, Mommy, balang araw magiging proud ka rin sa akin…* sumpa niya sa sarili.

“O, HONEY napatawag ka,” bungad ni Ella sa nobyo nang tanggapin niya ang tawag nito sa cellphone.

“Nasaan ka?” balik ni Edison na dalawang taon na rin niyang karelasyon. Nagkita sila nang kapwa pa mga estudyante sa *UST*. Nagtapos ang binata ng kursong Business Management and is presently employed as a sales executive at a real estate firm.

“Nandito sa sakayan, nag-aabang ng jeep. Papunta na ako sa *Giada’s* at may gig ako ngayon,” tugon niya habang binabasa ang mga destinasyon ng jeep na nagdaraan.

“Ganoon ba? Yayayain sana kitang manood ng sine,” may pagka-disappointed na nasabi nito. Mag-iisang buwan na rin magbuhat nang masolo nito ang girlfriend. Lately kasi ay naging masyado siyang busy sa mga gigs sa kaliwa’t kanang mga bars kaya bihira na silang magkasama.

Nakaramdam naman siya ng pagkakonsyensya; alam niya kasing napapabayaan na niya ang boyfriend. “Sorry talaga, honey. Promise, I’ll make

it up to you…"

Pagkapatay ng cellphone ay naisip ni Ella na napakasuwerte pa rin niya at binigyan siya ng isang napaka-understanding na boyfriend na handang sumuporta parati sa kanya. *Don't worry, honey, someday we'll have all the time in the world for each other…*

"SHEESH! Tumaba yata ako, ah. Sumikip 'tong dress ko," naalarmang nasabi ni Ella habang tinitingnan ang sarili sa harap ng salamin sa loob ng isang maliit na dressing room sa *Giada's Bar* kung saan siya ay magpe-perform sa gabing iyon.

"Hindi, sexy ka nga, eh. Mas maganda 'yung ganyan na may konti kang laman para lumabas ang iyong curves," komplimento ng kapwa performer na si Glaiza.

She looked closely at her form in the mirror wearing that black strapless dress that was hugging her petite frame. "Kung sabagay, hindi na ako mapagkakamalang anorexic," ang napagtanto niya.

Ilang sandali lamang ay pumasok na ang stage director, ang bading na si Walden na nagsabing maghanda na si Ella dahil magpe-perform na siya in

fifteen minutes. Tulad na lamang ng madalas mangyari bago ang isang performance, nakakaramdam siya ng nervous excitement na kaagad ding nawawala kapag nagsimula na siyang kumanta.

Ngunit sa gitna ng kanyang pag-vo-vocalize ay narinig niyang tumunog ang kanyang cellphone sa loob ng bag. "O, Ate, bakit?" bungad niya, sabay tingin sa relo. Limang minuto na lamang ang nalalabi at masasalang na siya sa stage.

"Ella, si Matteo, naaksidente!" umiiyak na ibinalita nito ukol sa kanilang bunsong kapatid. "Pumunta ka na ngayon dito sa *Delos Santos Hospital*, dalian mo!"

"O-okay, pupunta na ako d'yan!"

"Bakit, Ella, may problema ba?" nag-aalalang tanong ni Glaiza nang makita nito ang naging reaksyon sa mukha ng kaibigan.

"'Y-yung k-kapatid ko… naaksidente," shocked niyang sagot. "Hindi ako makakakanta, Glaiza, pakisabi na lang sa kanila," pakiusap niya at nagmamadaling nilisan ang lugar.

Natagpuan ng dalaga ang sarili na tumatapak sa ospital na binanggit ng kapatid makaraan ang isang oras.

“A-ano’ng nangyari kay Matteo?” usia niya nang makalapit sa pamilya na dinatnan niya sa loob ng emergency room.

“Naglalaro siya ng basketball kanina sa eskuwela nang aksidenteng bumagsak siya at… at tumama ang ulo sa semento…” paliwanag ng ama na siyang tangi lamang kalmado dahil ang ina at kapatid ay pawang hindi matigil ang pagluha dulot ng matinding pag-aalala sa kanilang bunso.

“K-kumusta na raw siya, Pa? Ligtas na ba siya?” tanong pa ni Ella na pilit nilalabanan ang pagbagsak ng luha.

“Inoobserbahan na siya ngayon ng mga doktor, anak…” tugon nito habang inaakbayan siya.

Waiting for the doctor felt like an eternity for the Licas family. Sadyang hindi na sila makapaghintay na malaman ang kondisyon ni Matteo. Nang harapin na sila ng manggagamot ay halos pigil-hininga nilang inantabayanan ang sasabihin nito.

“Matteo is still unconscious. Nagkaroon siya ng pamumuo ng dugo sa isang parte ng kanyang utak na kailangan nating maoperahan kaagad…”

“Doc, kapag naoperahan na ba ang anak ko, m-masisiguro mo ba sa amin na maliligtas siya?”

nanginginig ang tinig na tanong ni Mrs. Licas.

"Misis, tulad po sa lahat ng mga operasyon, there will always be a risk. Pero ang maipapangako ko po sa inyo ay gagawin ko ang lahat ng aking makakaya para mailigtas ang inyong anak," saad ng neurosurgeon.

"Okay, go ahead, Doc. Please save our son," pahayag ni Mr. Licas bilang pagbibigay ng go–signal para isagawa ng doktor ang maselang operasyon sa bunsong anak. Subalit kakailanganin ng malaking halaga ang procedure.

"LISA, is that you?" nabuhayang tanong ni Derek nang marinig ang pagbukas ng pinto sa kanyang silid. He has been blind for almost a year now after figuring in a car accident. Na-damage ang cornea ng kanyang mga mata nang pasukan ang mga iyon ng bubog galing sa nabasag na windshield ng sasakyang bumangga sa poste habang nagmamaneho siya nang lasing noon.

"Did you miss me?" anang nobya paglapit sa kanya na nakaupo sa ottoman chair habang pinakikinggan ang basketball game sa telebisyon.

"Of course I missed you, sweetie," balik niya

matapos itong halikan. "Nagtatampo na nga ako sa 'yo. Ang sabi mo one week ka lang sa Singapore. Pang-second week na ngayon saka ka lang dumating."

"Hindi ba ipinaliwanag ko na sa 'yo na kinailangan naming tumuloy na rin sa Malaysia dahil may additional shots na kailangang kuhanan doon? I thought you understood," nagsisimula namang ma-frustrate na nasabi ng babae who is working as an international fashion model.

"All right, let's not talk about it anymore. Ang importante ay nandito ka na ngayon," paglalambing ng binata while reaching for her hands. "I had been thinking maybe you should quit your job and let's just get married. Ano sa tingin mo?"

Tila biglang napaso si Lisa na kaagad inialis ang kamay mula sa kanyang pagkakahawak. "I don't know, Derek… I don't think I am ready for that…"

Disappointed man ay tinanggap na rin niya ang naging sagot ng girlfriend of three years. "All right, just forget what I said. Basta kung handa ka na'y sabihin mo lang sa akin for you know that I am ready to marry you anytime."

"KUMUSTA NA ang kapatid mo, Ella?" concerned

na tanong ni Giada, ang half-Italian, half-Filipino owner ng *Giada's Bar* kung saan ay regular performer ang dalaga.

"He's still unconscious. Nagkaroon siya ng blood clot sa brain niya na kailangang maoperahan kaagad," napabuntong-hininga niyang sagot. May isang oras pa bago ang kanyang turn na kumanta sa stage. "Uhm… Ma'am Giada… may… may hihilingin po sana ako sa inyo."

"Ano 'yon, Ella?" tanong ng thirty-two years old na babae habang binabasa ang natanggap na text message.

"Puwede po bang makahiram ng pera? Hindi ko na po kasi alam kung kanino pa po ako tatakbo. Kailangang-kailangan po kasi namin ng pampaopera ni Matteo…" aniya na naglakas-loob na ring sabihin ang nais. Maging ang halagang kailangan ay binanggit niya.

"Alam mo, Ella, gusto man kitang tulungan pero kahit ako ay gipit rin. This bar is not doing so well at napakarami ko pang utang na kailangang bayaran. I'm sorry, Ella, I don't think I can help you…"

"Giada can't help you, but I can…"

Kapwa sila napalingon sa pinanggalingan ng

tinig at doon ay nakita nilang nakatayo ang pinsan ni Giada na si Lisa. Iyon ang unang pagkakataon na nakita ito ni Ella kaya naman ipinakilala ito ng amo sa kanya.

"I'm sorry, I didn't mean to listen to your conversation but I can help you with your problem…" tahasang sabi ng glamorosang babae habang umuupo sa kanyang harapan sa lamesa.

"What do you mean you can help Ella?" ang paghingi ni Giada ng paglilinaw sa pinsan.

"I can give you the one hundred fifty thousand that you need, pero may kailangan kang gawin para sa akin…"

"Ano po'ng kailangan kong gawin?" tanong ni Ella na ang pakiramdam noong mga sandaling iyon ay kahit ano ay handa na siyang gawin mailigtas lamang ang pinakamamahal na kapatid.

"Kailangan mong paibigin ang boyfriend ko…"

"A-ano po?" halos magkandautal na balik niya sa labis na pagkabigla sa nalamang kailangang gawin.

"Lisa, what is this all about?" naguguluhang usisa ni Giada na hindi maintindihan ang mga umaandar sa isipan ng modelo.

“Giada, I found somebody else and I want to be with him. That’s why I have to end my relationship now with Derek…” pag-amin nito.

“Then, go ahead and end it. Bakit kailangan mo pang mag-resort sa ganitong klaseng bagay?” balik ng pinsan na minsan na ring nakilala ang boyfriend ni Lisa nang dalhin nito ang lalaki sa bar.

“Alam mong hindi ganoon kadali ‘yon. You know about his condition. It would destroy his life if he loses me.”

“Kaya you are hiring someone upang paibigin siya para kahit paano mabawasan ang guilt mo,” ang pagtatanto ni Giada sa intensyon nito na obviously ay hindi sang-ayon sa balak nito.

“Giada, please, intindihin mo ‘ko. I can’t be with Derek anymore. I don’t think I still have that love that I once had for him.”

“Sino ba ako para husgahan ka, Lisa? I’ve been seeing a married man for three years. It’s your relationship, it’s your life…” ang paglambot na rin ng bar owner eventually.

Matapos magpasalamat sa pag-iintindi ng pinsan ay ibinaling naman ni Lisa ang atensyon kay Ella na kanina pa pinag-iisipan ang may kahirapang

proposal nito. "Alam kong nahihirapan ka pang magdesisyon ngayon. But I need your answer by tomorrow. Here's my card. Just call me." Inilatag nito ng business card sa kanyang harapan at nagpaalam saka nilisan ang bar.

Nang kinuha niya ang tarheta at pinagmasdan iyon, alam niyang hawak na niya ang sagot sa kanilang problema. Subalit alam din niyang hindi madali ang hinihinging kapalit ni Lisa. *Makakaya ko nga kayang gawin ang pinagagawa niya?*

Nang gabing iyon ay dumerecho si Ella sa ospital matapos manggaling sa bar.

"Kumusta na si Matteo?"

"Hindi pa rin siya nagkakamalay," sagot ng ina. Namumugto na ang mga mata nito, halatang katatapos pa lamang umiyak.

"Ang sabi ng doktor, kailangan na raw siyang maoperahan as soon as possible dahil kung hindi ay baka mas lalo pang magkaroon ng komplikasyon kapag nagtagal pa ang blood clot sa utak niya," paliwanag ng kanyang Ate Maan na kadarating pa lamang mula sa trabaho nito sa eskwela.

"Nagawan ko na ng paraan 'yung treinta mil, nagpahiram 'yung mga kasamahan ko sa trabaho.

'Yung natitira lalapit na lang ako sa mga kamag-anak natin bukas," pahayag ni Mr. Licas na nagtatrabaho bilang isang government employee.

Seeing her entire family's tired and worried look on their faces brought much pain to her heart. At mas lalo pa iyong umigting nang lumapit siya sa kama at nakita ang helpless na hitsura ng kanyang twelve-year-old brother. Iyon ang tuluyang nagsara sa kanyang desisyon na tanggapin na ang alok ni Lisa.

"Huwag na po kayong mag-alala, mapapaoperahan na natin si Matteo…"

"HERE'S THE MONEY," ani Lisa nang iabot kay Ella ang isang makapal na sobre nang makipagkita siya rito sa isang café. Gayundin ay may iniabot ito sa kanya na isang nakatuping dyaryo. "That's the advertisement na ipinalagay ng mommy ni Derek looking for someone who will look after a blind man."

"B-bulag si Derek?" nabiglang sabi ni Ella na hindi inaasahan ang nalaman ukol sa lalaking paiibigin.

"Yes, he is. Nabulag siya nang maaksidente

ang minamaneho niyang sasakyan a year ago," paliwanag nito. "Ang gusto kong gawin mo ay mag-apply ka bilang tagapag-alaga niya and it's up to you how you will make him fall in love with you…"

*Grabe naman ang babaeng ito, kung makapagsalita parang hindi niya naging boyfriend ang Derek na ito. Kung ipamigay niya ito, para bang isa lang itong laruan*, ang hindi niya maiwasang isipin.

"Are you sure you can do this, Ella?"

"Uhm… ah… I'll try my best to do it," ang napilitan niyang ipinangako. Alam niyang hindi tama ang kanyang papasukin, pero kung para sa kaligtasan ng kapatid ay handa siyang gawin ang kahit ano.

"Good," saad ng modelo na na-satisfy na rin sa naging sagot niya.

"Eh, Ma'am Lisa, paano po kung hindi nila ako tanggapin sa trabaho?" paglalabas na niya ng mga concerns.

"Well, you have to make sure na matatanggap ka nila," mariing saad nito. "Look, Ella, I'll be leaving for the States tomorrow, I don't have time anymore na maghanap pa ng ibang gagawa nito kaya, please, you have to make sure that this works out as planned.

I’m helping you with your brother so please help me with Derek.”

“Huwag po kayong mag-alala, sisiguraduhin ko pong mapapaibig ko siya…” muli ay napilitan niyang ipangako.

“Thank you,” nakahingang balik nito. “Please take good care of Derek, he’s a very good man,”

“Makakaasa po kayo, Ma’am Lisa.”

# 2

Matapos makipagkita kay Lisa ay nagtungo sa ospital si Ella upang ibigay ang pera sa mga magulang para sa pagpapaopera sa kapatid. Sinabi na lang niya cash advance iyon mula sa mga bars kung saan siya kumakanta. Ipinagbigay-alam din niyang mag-a-apply siyang tagapag-alaga ng isang bulag.

Nang lisanin niya ang silid ng kapatid, sa loob-loob niya ay humihingi siya ng kapatawaran sa mga magulang sa ginawa niyang pagsisinungaling tungkol sa pera.

Habang naghihintay ng masasakyang taxi patungo sa bahay na pupuntahan sa *Forbes Park* ay may nakita si Ella na isang matandang babae na napasubsob habang bumababa sa estribo ng jeep dahil pinaandar kaagad iyon ng driver. Dali-dali siyang napatakbo upang tulungan itong makatayo.

“Okay lang po ba kayo?” concerned niyang tanong dito.

“Ano’ng nangyari?” usisa ng driver na biglang sumulpot matapos ihinto ang jeep. Narinig kasi nito

ang sigaw ng mga pasahero at mga taong nakasaksi sa pagkakadapa ng matandang babae.

"Ano'ng nangyari? Nadapa lang naman 'tong matanda dahil sa pagpapaandar mo kaagad niyang jeep mo!" sigaw ni Ella rito na hindi na napigilan ang bugso ng emosyon.

Matapos ang paulit-ulit na paghingi ng paumanhin ng driver ay pinatawad na rin ito ng matanda. Binalingan siya ng huli, "Maraming salamat, hija, sa pagtulong mo sa akin."

"Wala pong anuman 'yon," napakamot-ulong tugon ng dalaga. "Sigurado na po ba kayong walang masakit sa inyo?"

"Wala na, mabuti na ako…" paniniguro nito at nagpaalam. Pumara ito ng isang nagdaraang jeep at sumakay roon.

Ilang sandali lamang ay sumakay na rin si Ella ng taxi na nagdala sa kanya sa pupuntahan.

*Wow! Palasyo ba ito?* hindi napigilang maitanong ni Ella sa sarili matapos ibaba ng taxi sa tapat ng bahay na a-apply-an.

She was overwhelmed with the grandeur of the mansion which she could only see in the movies.

“Aplikante ka ba, Miss?” pagbabasag ng security guard sa kanyang pagkamangha sa pinagmamasdang bahay.

“Ah… opo, aplikante po ako,” pagkumpirma ni Ella.

Pinapasok siya nito sa loob ng bakuran na may basketball court at swimming pool pa sa gilid. Sinabi nito sa kanya na sumunod siya rito. Dinala siya nito sa receiving area.

“Sige, Miss, maupo ka lang dito hintayin mo na lang na ipatawag ka ni Señora Josephine. Siya ang nag-i-interview ng mga aplikante.”

“Salamat po, Manong,” aniya. Iniwan na siya roon ng may-edad na ring guwardya.

Hindi pa man umiinit ang kanyang puwit sa upuan nang papasukin na siya ng assistant ng señora sa loob ng malaking library. Pagkakita sa magiging amo ay kulang na lamang matigilan siya sa paglalakad. The fifty-something woman was emanating such a powerful and intimidating presence which almost made her want to run out of the house. *Relax, Ella, you can do this!*

“So you are a graduate of BS Education, why do you want to work here and not in a school?” tanong

nito, sabay taas ng well-arched eyebrow nito.

"Honestly, Ma'am, I never really wanted to become a teacher. Pinagbigyan ko lang po ang hiling ng mama ko kaya Education ang kinuha kong course sa college. Isa rin po kasi siyang teacher."

"So have you had any prior working experience?"

"Uhm… I've been singing in some resto-bars for two years already."

"You're a singer?" anito na mas lalo pang tumaas ang kilay. "How do you a think a singer can take care of a blind man?"

Naantala ang pagsagot ng dalaga nang kapwa sila ma-distract sa pagpasok ng isang matandang babae na may dalang kape para kay Señora Josephine.

"Hindi ba ikaw iyong mabait na batang tumulong sa akin kanina?" pagkilala nito sa kanya.

"Ano'ng ibig mong sabihin, Melba?" napakunot-noong nasabi ng señora na hinarap na ngayon ang mayordoma na inilahad naman ang buong pangyayari. "Sige, Miss Licas, you can step outside for a while…"

Doon na nakaramdam ng kaba si Ella dahil

pinalabas siya nito nang hindi pa niya nasasagot ang naiwan nitong katanungan. *O Diyos ko, alam ko pong wala akong karapatang humingi ng tulong sa Inyo ngayon, pero please naman po, matanggap sana ako sa trabahong ito…*

Ilang sandali lamang ay lumabas na rin ng library si Señora Josephine at sinabing sundan niya ito. Tumalima siya.

"What I want you to do is to attend to the every need of my son. Guide him as he walks, go with him to wherever he wants to go, prepare his foods, clothes. Basically, I want you to look after him…"

*Oh yes! Thank You, Lord, at dininig Mo ang panalangin ko!* nakahinga nang maluwag na naisaloob ng dalaga.

"Nakukuha mo ba ang sinasabi ko?"

"Uhm… opo, Señora, nakukuha ko po," paniniguro niya.

"Okay this is Derek's room." Huminto sila sa tapat ng isang kuwarto sa second floor. Akmang kakatok ang matandang babae nang may marinig silang pagsigaw at pagbabasag sa loob ng silid. Doon na ito napasugod. "Derek, what is happening here?" puno ng pag-aalala nitong tanong sa anak na

nagwawala sa loob ng magulong silid nito.

“Lisa left me!” sigaw nito na pilit inaawat ni Señora Josephine sa pagbato sa bawat madapuan ng kamay nito.

Samantala, biglang tinamaan si Ella nang marinig ang sinabi ng lalaki. Alam niyang simula na iyon ng pagsasakatuparan niya ng plano nila ni Lisa.

“She called me up and told me she can’t be with me anymore because she fell in love with another guy. Paano niya nagawa sa akin ito, Mommy?”

“Huwag mong panghinayangan si Lisa, anak. For sure, you will find a better girl than her,” pang-aamo ni Señora Josephine na biglang naglaho ang intimidating presence and has now turned into a loving mother.

Napagpasyahan niyang lumabas na lamang muna ng silid dahil nakita niyang hindi iyon ang tamang panahon para ipakilala siya sa lalaking pagsisilbihan. At isa pa, hindi rin niya makayanang makita na naghihirap ito dahil hindi niya maiwasang makaramdam ng guilt sa pinasok na deal with the girl who broke his heart.

*Hindi mo puwedeng pairalin ang emosyon mo ngayon, Ella, you have to think of this as a job that*

*you have to fulfill.*

"YAYA MELBA, may… may sinabi po ba kayo kay Señora Josephine kaya tinanggap niya ako kaagad kahit hindi pa man tapos ang pag-interview niya sa akin?" tanong ni Ella sa matandang tinulungan nang yayain siya nitong mananghalian sa kusina.

"Tinanong lang naman niya ako kung sa tingin ko ba ay nararapat ka para sa trabahong pagtingin kay Derek at ang sinabi ko ay oo dahil mabait ka at natural na may pagmamalasakit sa kapwa," tugon nito na sadyang hindi makakalimutan ang pagtulong na ginawa ng dalaga.

"Maraming salamat po sa pagtitiwala ninyo sa akin."

"Walang anuman, ibinabalik ko lang naman ang kabutihang idinulot mo sa akin," nakangiting tugon nito.

"Siyanga po pala, nasaan na po ang ibang mga kapamilya ni Señorito Derek?" curious niyang tanong dahil sa iilang taong lamang ang nakikita niya sa mansion.

"Unico hijo 'yang si Señorito. Maglalabindalawang

taon na magbuhat nang bawian ng buhay si Señor Julio dahil sa sakit na cancer kaya tanging si Señora na lang ang nag-iisang kapamilya niya," paglalahad naman ng matanda. "Kaya ganoon na lamang ang naging takot ni Señora nang maaksidente ang anak niya noong isang taon. Ang buong akala niya ay pati ito'y kukunin na rin sa kanya."

"Ano po ba ang ugali ni Señorito Derek? Para alam ko na po kung paano ko siya pakikisamahan."

"Mabait na bata 'yang si Derek, malambing at napakababa ng loob. Napakatalino rin niyan, siya na ang humawak ng kanilang mga negosyo mula nang magtapos sa kolehiyo noong siya ay twenty-two years old pa lamang. Ngunit nang mabulag ay napilitan muli ang Señora na bumalik sa pag-aasikaso ng lahat dahil hindi pa kaya ni Señorito Derek,"

"May pag-asa pa po ba siyang muling makakita?"

"Meron pa rin, sa ngayon ay naghihintay lang sila ng donor ng mata," pagkumpirma nito. "Alam mo, hija, huwag kang matatakot kay Señorito. 'Yung nakita mo kanina sa kanya ay dulot lamang ng galit at sama ng loob sa pang-iiwan sa kanya ng Lisa na 'yon. Sa totoo lang, masaya ako na naghiwalay sila dahil unang kita ko pa lang sa babaeng 'yon ay hindi

ko na iyon nagustuhan, mukhang malandi! Kung meron man akong gusto para sa kanya, ikaw ‘yon. Hindi pa man kita lubusang kilala, nararamdaman kong isa kang mabuting tao.”

Hindi na nakapagsalita pa si Ella dahil muli siyang binalot ng pagkakonsyensya. *Huwag kang magpaapekto, Ella, trabaho lang ito!*

“ANO! Si Derek Legarda ang inaalagaan mo?” halos lumuwa ang mga matang nasabi ni Maan matapos ilahad dito ni Ella ang tungkol sa resulta ng kanyang pag-a-apply noong umaga.

Kauuwi pa lamang nila sa kanilang tahanan matapos manggaling sa ospital kung saan ay nai-schedule na ang operasyon ng kapatid.

“Bakit? Kilala mo ba siya?” naintrigang tanong niya sa naging reaksyon ng ate.

“Of course! Derek Legarda used to be considered as one of Manila’s most eligible bachelors. Laman ‘yan parati ng mga society pages ng mga magazines at dyaryo. Sa kasamaang–palad, he met an accident a year ago na nagdulot sa pagkabulag niya. Nadyaryo pa nga ‘yan, hindi mo ba nabasa ‘yon?”

"Alam mo namang hindi ako palabasa ng dyaryo!" pagtatanggol niya sa sarili habang umuupo sa hapag para pagsaluhan nila ang biniling pagkain.

"So ano na ba'ng hitsura ni Derek ngayon? Guwapo pa rin ba? Hindi ba naapektuhan ng aksidente 'yung mukha niya?"

"Hindi ko siya nakaharap nang malapitan kanina, nagwawala kasi dahil… dahil iniwan ng girlfriend niya…"

"Iniwan na siya ng girlfriend niyang model na si Lisa Angeles?" paniniguro nito.

"Oo, may nakilala daw ibang lalaki na kasama nitong pumunta ng Amerika…" pagkumpirma niya na hindi makatingin dito nang derecho.

"Sinabi na nga ba 'yung mga ganoong tipo ng babae, hindi makakapagtiyaga 'yon sa boyfriend na isang bulag. Iniwan niya si Derek sa panahong kailangang-kailangan siya nito," napapailing na nasabi ni Maan. "Pero sa isang banda, hindi ba parang ang ganda ng pagpasok mo sa buhay niya? He's very much vulnerable right now and you will be there to take care of him. What if mahulog sa 'yo si Derek?"

Halos mabulunan si Ella pagkarinig sa sinabi

nito.

“Ano ba’ng pinagsasabi ko, may boyfriend ka nga pala!” nagsisising bawi nito habang hinihimas ang likod ng nahirinang kapatid. “Speaking of boyfriend, ano’ng sinabi ni Edison tungkol dito sa trabaho mo? Okay lang ba ito sa kanya?”

Nanlaki ang mga mata ng dalaga nang ma-realize niyang hindi pa pala niya nasasabi sa nobyo ang tungkol sa bagay na iyon.

“Don’t tell me hindi mo sinabi sa kanya ang tungkol rito?” duda ng nakatatandang kapatid nang makita nito ang kanyang naging reaksyon.

“Sasabihin ko rin sa kanya ‘yon… bukas…” giit niya.

“Hay naku, Ella! Hindi ka pa rin talaga nagbabago; kung tratuhin mo ang boyfriend mo’y parang hindi siya bahagi ng buhay mo,”

*Oo nga, nakalimutan ko na namang isaalang-alang si Edison sa pagdedesisyon ko. Masyado kasing komplikado at mabilis ang mga pangyayari, wala na akong panahon na pag-isipan nang mabuti ang lahat. Ang tanging nasa isip ko lang kasi ay ang mailigtas si Matteo… Diyos ko, paano ko ba ito ipaiintindi kay Edison?*

# 3

"Tapatin mo nga ako, Ella, ano ba talaga ako sa buhay mo?" ang hindi na maiwasang paglabas ng sama ng loob ni Edison matapos itong tawagan ng nobya noong umaga at sinabi ang tungkol sa trabahong pinasukan bilang tagapag-alaga ng bulag.

"Edison, please, intindihin mo naman ako. Alam mong mahirap ang sitwasyon namin ngayon…" pakiusap niya na nakaupo sa likuran ng taxi na magdadala sa kanya sa mansion ng mga Legarda.

"Alam ko naman 'yon, naiintindihan ko 'yon. Pero ang hindi ko maintindihan ay kung bakit ni banggitin man lang sa akin ang tungkol sa trabaho mong ito, hindi mo man lang nagawa!"

"Masyadong magulo lang kasi ang lahat kaya nawala sa isip ko na sabihin sa 'yo ang tungkol rito," paliwanag niya.

"Parati naman talagang ganyan, eh. Kelan mo ba ako naisip?"

That certainly hit Ella hard. "Edison…"

"I'm sorry I can't talk anymore, may kliyente

ako," paalam nito na wala man lamang ang lambing na normally ay tumatapos sa kanilang phone conversations.

Mabigat ang loob na ipinasok niya ang cellphone sa bag, sabay turo sa driver kung saan liliko patungo sa mansion. *Simula pa lang 'to, Ella, ihanda mo na ang sarili mo…*

Samantala, sa mala-palasyong bahay ng mga Legarda. Derek woke up with a throbbing headache that morning matapos halos lunurin ang sarili sa alak noong nakaraang gabi. Sadyang matinding kabiguan ang kanyang dinanas sa ginawa ng minamahal. Magbuhat nang mabulag isang taon na ang nakalilipas ay naging sing-dilim na ng kanyang paningin ang naging pananaw niya sa buhay. Tanging si Lisa lamang ang nagsisilbing natitirang liwanag para sa kanya at sa ginawa nitong pagpapalit sa kanya ng ibang lalaki, pakiramdam niya ay tuluyan nang naging madilim ang kanyang mundo.

*Oh God, ano ba'ng ginawa kong kasalanan sa Inyo at pinarurusahan Ninyo ako nang ganito?*

Sa wakas ay nakarating si Ella sa bahay ng lalaking pagsisilbihan. Nagpunta siya sa kusina upang hanapin si Yaya Melba at nadatnan nga niyang naroon ito.

"Naku, hija, mabuti pa pasukin mo na ang kuwarto ni Señorito Derek, hindi pa 'yan lumalabas magbuhat kagabi!" nag-aalalang bungad ni Yaya Melba nang makita siya.

Napalunok siya. "Ganoon po ba?" Hindi niya malaman kung anong klaseng approach ang dapat niyang i-apply sa bulag na amo.

Nang makarating sa second floor ay kumatok muna siya sa silid ng Derek. Nang hindi makarinig ng sagot ay dahan-dahan niyang binuksan ang pinto. At doon ay nakita niyang gulo-gulo ang kuwarto, nagkalat ang mga lata ng beer sa tabi ng kama nito at bukas pa ang maliit na refrigerator na sa tingin niya ay pinagkuhanan nito ng mga ininom.

"Sino ka?" matigas na tanong ng binata nang maramdaman ang kanyang paglakad.

"Uhm… ako po si Ella Licas, ang kinuha po ng mommy n'yo na tagapag-alaga sa inyo…" pagpapakilala niya habang nakatayo sa harapan nito sa kama.

"Bakit ko kakailanganin ng tagapag-alaga? Bulag lang ako, hindi ako baldado!" galit na tugon nito, sabay bumangon mula sa kama at sinubukang maglakad patungo sa direksyon ng banyo nang

bigla itong bahagyang mawalan ng balanse dahil sa naapakang lata ng beer. Kaagad namang nakaalalay ang dalaga sa tabi nito na hindi naman nito nagustuhan. “Lumayo ka nga sa akin!” sigaw nito na hinawi ng well-toned na braso nito ang maliit niyang katawan na nagdulot ng pagkakatilapon niya paupo sa sahig.

Kahit masakit pa ang balakang ay hindi na niya iyon magawang indahin pa nang kaagad siyang mapatayong muli upang sundan ang paglalakad nito patungo sa banyo. Habang naroroon ito sa loob ay sinimulan niya ang pagliligpit ng mga kalat nito.

“Señorito, gusto n’yo na po bang mag-almusal?” tanong niya nang lumabas na ito mula sa banyo.

“Ayoko! Lumabas ka rito!” matigas nitong sagot.

Wala na rin siyang choice kundi ang sundin ito sa takot niyang mapagbuntunan pa ng init ng ulo nito. *Huwag kang susuko, Ella, kaya mo ‘yan!*

“NAGKAROON NA rin po ba dati ng tagapag-alaga si Señorito Derek?” curious na tanong ni Ella habang nagmemerienda sila ni Yaya Melba sa kusina.

“Hindi, ikaw pa lang ang unang naging tagapag-

alaga niya," kumpirma nito. "Naisipan na lang kasi ni Señora na kumuha ng mag-aalaga sa anak niya dahil magiging abala na siya sa negosyo at hindi na niya masyadong magagabayan si Señorito tulad ng ginagawa niya noon," dagdag pa nito. "Bakit mo naitanong?"

"Wala lang, kasi po… parang hindi sanay si Señorito na may nag-aalaga sa kanya, eh."

"Napagalitan ka ba?"

Tumango si Ella.

"Hija, hindi mo masisisi si Señorito kung maging masungit man siya kung minsan. Lalo na ngayon na iniwan pa siya ng Lisa na 'yon. Mahirap kasi ang kalagayan niya; dati-rati ay napakaaktibo niyan, hindi siya nalalagi dito sa mansion at parating nasa labas. Pero magmula nang mabulag ay nagkulong na lang siya dito sa bahay, nawalan ng ganang harapin ang nakagawiang mundo."

"Kung sabagay, kung ako ang nasa kalagayan niya'y malamang ganoon din ang mararamdaman ko," pahayag niya na hindi maiwasang makaramdam ng pagkaawa rito.

"Kaya nga magtiyaga ka lang at habaan mo ang pasensya mo sa kanya."

“Huwag po kayong mag-alala, Yaya Melba, hindi naman po ako ang tipo ng tao na madaling sumuko, eh. Pinasok ko po ang trabahong ito kaya paninindigan ko po ito.”

“ATE, NANDITO KA PALA, akala ko ikaw ang magbabantay ngayon kay Matteo sa ospital,” may pagtatakang nasabi ni Ella nang umuwi noong gabing iyon at nadatnan ang kapatid na nasa hapag-kainan habang nag-che-check ng mga test papers ng estudyante. Tulad ng ina ay isang teacher din si Maan at nagtuturo sa isang pribadong eskuwelahan.

“Pinauwi na ako nina Mama, sila na lang daw ni Papa ang magbabantay kay Matteo,” tugon nito.

“Kumusta nga pala ang operasyon ni Matteo? Successful ba? Nagkamalay na ba siya?” ang eager niyang tanong habang umuupo sa harapan nito sa pahabang dining table.

“Okay naman ang operasyon, walang naging problema. Bago ako umalis kanina ay nagkamalay na siya, pero medyo naninibago pa. Ang sabi ng doktor, it will take time bago siya tuluyang bumalik sa dati niyang sarili.”

“Mabuti kung ganoon. Hay salamat po, Diyos

ko…" aniyang nakahinga nang maluwag.

"Siyanga pala, Ella, nakasalubong ko sa school si Dorothy," pagtukoy nito sa may-ari ng isa sa mga bars na kanyang pinagkakantahan. "Kinuha niya 'yung card ng anak niya. Nagkausap kami, nagpasalamat ako sa tulong na ibinigay niya sa atin nang i-advance niya 'yung kikitain mo sa bar niya. Pero ang sabi niya wala raw siyang ginagawang ganoon para sa 'yo. Magtapat ka nga sa akin, Ella, saan mo ba talaga nakuha ang pera na ibinigay mong pambayad para sa operasyon ni Matteo?"

Alam ni Ella na kapag ang ate niya ang naghinala ay sadyang mahirap itong lusutan. Minabuti niyang ipagtapat na rito ang buong katotohanan nang kahit paano ay mabawasan na rin ang bigat ng kalooban.

"Ano! Paano mo nagawang pumasok sa ganyang klaseng bagay?" sumbat ni Maan.

"Ate, wala akong choice; kailangan nating mapaoperahan si Matteo."

"Pero kahit na, mali pa rin ang pinasok mo! Biruin mo pinaglalaruan ninyo ang damdamin ng isang bulag! At paano na si Edison? Kaya pala hindi mo masabi-sabi sa kanya kung saan at anong klase ang trabaho mo!"

"Ate, please, tama na! Alam kong mali ito, pero hindi na ako puwedeng umurong ngayon. Nagkasundo na kami ni Lisa at nagamit na rin natin ang pera niya…"

Umiling-iling ito. "Ewan ko, Ella, gusto man kitang intindihin pero nahihirapan ako." Pagbitiw sa mga katagang iyon ay sinamsam nito ang mga gamit at tinalikuran ang kapatid upang pumasok sa kanilang silid.

Naiwan si Ella na mas mabigat pa ang dinadala ng kalooban ngayon kaysa kanina na wala pa siyang inaamin.

HABANG DALA-DALA ang breakfast tray patungo sa silid ni Derek ay pilit na nag-isip si Ella ng mga paraan para mapaibig ang amo. Ngunit alam niyang hindi maaaring madaliin ang bagay na iyon lalo na at sariwa pa ang sugat na dinanas nito sa pang-iiwan ng nobya. *Dadaanin ko na lang muna ang lahat sa pag-aalaga at pagpapakita ng malasakit sa kanya…*

"Señorito, heto na po ang breakfast n'yo…" anunsyo niya matapos kumatok at buksan ang pinto.

"Dalhin mo ako sa verandah, gusto ko doon

mag-breakfast," utos nito habang papaupo sa kama.

Inilapag muna niya ang tray na naglalaman ng pagkain nito upang isuot sa binata ang tsinelas nito. Nang magawa na iyon ay kinuha niyang muli ang tray at ginabayan ito palabas ng silid habang nakahawak ang kamay nito sa kanyang balikat.

"Ang liit mo pala, ano ba'ng height mo?" tanong nito habang nilalakad nila ang pasilyo patungo sa verandah na naroroon din sa floor na iyon.

"5'4" po," sagot niya na tumingala sa height nitong sa tantya niya ay nasa 6'2".

Nang makarating sa pakay na lugar ay iniupo niya ito sa wicker chair na naroroon at inilagay ang pagkain sa harap nito sa ibabaw ng lamesa. Naupo rin siya sa silya sa tabi nito at sinimulang ayusin ang pagkain. Nang isusubo na niya rito ang hinipang kutsara ng oatmeal ay nasungitan na naman siya ng amo.

"Ano'ng tingin mo sa akin, bata na kailangan mo pang subuan?"

"Ay, sorry po," paumanhin ni Ella na kaagad ibinalik ang spoonful na oatmeal sa bowl at inilagay na lamang ang kutsara sa kamay nito.

Pagkakita niyang kayang-kaya naman nitong kumain mag-isa ay pansamantala niyang iniwan ang tabi nito at tumayo upang damhin ang preskong hangin na umiihip sa kanilang direksyon. Ipinikit niya ang kanyang mga mata at ilang sandali pa ay hindi niya napapansing nagsisimula na pala siyang mag-hum ng isang melody.

"*All I Ask of You* from the *Phantom of the Opera*…"

Bigla siyang napamulat at natauhan nang marinig ang tinig ni Derek. Binalot siya ng pagkahiya nang ma-realize na pinakikinggan pala siya nito.

"I saw that play in London with my parents when I was ten years old," may pagka-nostalgic na pahayag nito, remembering the wonderful memory.

"Mahilig po pala kayo sa mga stage plays…" ang tanging nasabi ni Ella na noon lamang nakita ang ganoong klase ng hitsura nito when a light seemed to have touched his handsome face.

"Oh yes, I do. I love musicals. I love hearing people sing…"

*Ito na ba ang simula ng pagbubukas ng aming connection?* na-excite na isip ni Ella na nasosorpresa rin sa pag-o-open up na ginagawa ng normally ay tahimik at brooding na binata.

"I suppose kumakanta ka rin, Ella, na-sense ko sa pagha-hum mo that you have the voice…" komplimento nito.

"Naku, maraming salamat po," nahihiyang sabi niya na malaki ang pasalamat na hindi nakakakita ang kausap, kung hindi ay napansin na nito ang pamumula ng kanyang pisngi. "Mula bata pa po ako'y kumakanta na po ako, member ako ng choir sa church at school namin. 'Tapos nang mag-twenty-one po ako ay nagsimula na rin po akong kumanta sa mga bars."

"Talaga? Baka napanood na kita minsan, halos nalibot na yata namin ni Lisa ang lahat ng bars all over Makati, Malate, Libis dahil sa pagkahilig naming dalawa sa music…"

Pagbanggit niyon ay napansin ni Ella ang biglaang pananahimik nito. *Naalala na naman siguro niya 'yung mga panahong pinagsamahan nila ni Lisa…*

"Ayoko nang kumain, ibalik mo na ako sa kuwarto, maliligo na ako," utos nito na tumayo na kaagad mula sa silya.

Sa kanilang pagbalik sa silid nito ay naisip niya, *Siguro kung hindi nabulag si Derek ay malamang sila*

*pa rin ni Lisa hanggang ngayon…*

"PAKIPALITAN MO 'TONG TUWALYA na nakasabit sa towel rack at kumuha ka ng bago d'yan sa drawer ko," utos ni Derek habang inaalalayan ni Ella papasok sa shower area sa loob ng banyo nitong sinlaki na yata ng kuwarto nila ng Ate Maan niya.

Sinunod niya ang sinabi nito. Matapos maisabit ang bagong tuwalya sa towel rack sa tabi ng shower area ay nanatili siyang nakatayo roon, naghihintay ng mga susunod pa nitong iuutos nang biglang mapukaw ang kanyang paningin ng silhouette ng hubad nitong katawan sa likod ng translucent glass panel na naghihiwalay sa shower at dressing area.

Sa pagkakasilay sa mala-Adonis nitong dating ay nakaramdam ng paninigas ng buong katawan ang dalaga na napakapit bigla sa tiles malapit sa lababo at di-sinasadyang nasagi niya ang bote ng shaving cream nito na naging dahilan ng pagkakahulog niyon sa sahig na lumikha ng ingay sa loob ng banyo.

"Ella, are you still there?" naalarmang tanong ni Derek na biglang pinatay ang shower.

"Ah… eh… palabas na po ako, Señorito," natatarantang sagot niya na dali-daling tinungo ang

pinto.

Nang makalabas ay napasandal siya sa pader habang hinahabol ang paghinga. Iyon ang kauna-unahang pagkakataon na nakakita siya ng katawan ng isang hubad na lalaki. Dahil kahit magdadalawang taon na ang relasyon nila ni Edison ay wala pa talagang nangyayari sa kanila.

*Ano ba itong nangyayari sa akin? Bakit ang init-init ng pakiramdam ko?*

"Excuse me, is Derek here?"

Doon na siya natauhan nang marinig ang tinig ng isang lalaki na biglang sumulpot sa loob ng kuwarto. "Uhm… opo… naliligo lang po siya," halos magkandautal niyang tugon na hindi pa rin talaga lubusang nakaka-get-over sa nasaksihan.

"Ah… ikaw siguro 'yung sinasabi ni Yaya Melba na nag-aalaga kay Derek," saad nito. "I'm Cris, by the way, Derek's best friend. You are...?"

"Ella… Ella Licas po," sagot niya.

Ilang sandali pa ay lumabas na rin si Derek mula sa banyo, nakabihis na ng shorts at t-shirt na inihanda ni Ella.

"Pare, kumusta na?" pagsalubong dito ni Cris

na binigyan ito ng buddy hug.

Sa gitna ng batian ng matalik na magkaibigan ay nagpaalam ang dalaga na lalabas muna ng silid na pinahintulutan naman ng amo.

"PARE, ang ganda ng nag-aalaga sa 'yo, ah. Parang biglang gusto ko ring mabulag at nang magkaroon rin ako ng tagapag-alagang tulad niya!" biro ni Cris habang ginagabayan ang best friend patungo sa paborito niyang bahagi ng kanilang bahay—ang verandah.

"Loko ka, huwag kang magsalita ng ganyan; mamaya mabulag ka nga. Tingnan ko lang kung makatagal ka nang walang nakikitang chicks! Baka mag-suicide ka pa!" babala ni Derek habang papaupo sa silya.

"Ayaw mo n'un, may karamay ka na?" hirit nito. "But seriously, pare, kumusta ka na? How's it been since… uhm… Lisa left?" may pag-aalangan nitong tanong dahil baka hindi siya komportable na pag-usapan ang tungkol sa ex-girlfriend.

Cris and Derek's friendship has gone way back ten years ago when they were both still high school students at the *Ateneo de Manila University*.

Opposites ang kanilang mga personalities, Cris is the playboy type na walang direksyon sa buhay habang si Derek naman ay iyong tipong focused sa kanyang mga endeavors at seryoso pagdating sa relasyon. Gayunpaman ay hindi iyon naging hadlang sa kanilang pagkakaibigan instead, they perfectly complement each other.

“I wouldn’t deny that it’s hard… painful… I felt betrayed. Pero sa isang banda, hindi ko rin siya masisisi. Sino nga naman ba ang makakapagtiyaga sa isang bulag na katulad ko?”

Na-sense ni Cris ang self-pity sa kanyang pananalita. Mahirap para ritong tanggapin na ang taong tinitingala sa loob ng mahabang panahon ay kinakikitaan nito ngayon ng kahinaan. He definitely hated seeing him fall apart. “Huwag mo nang intindihin si Lisa, pare, she does not deserve a man like you. Don’t worry, mahahanap mo rin ang babaeng nararapat para sa ‘yo…”

Subalit hindi magawang makibahagi ni Derek sa optimism nito. “Hangga’t nananatili ako sa ganitong kondisyon hindi na ako umaasa pa sa bagay na ‘yan. No woman will put up with a worthless blind man like me…”

“TUMAWAG SI LISA KANINA, pinatatanong kung kumusta na raw ba ang progress mo with Derek,” nabanggit ni Giada nang magkausap sila ni Ella sa opisina nito ilang oras bago siya kumanta noong gabing iyon. Kahit nagtatrabaho na kay Derek ay hindi pa rin tuluyang nilulubayan ng dalaga ang kanyang pangarap na maging isang singer.

“Hindi ko naman puwedeng basta na lang isakatuparan ‘yung mga plano ko para paibigin siya. Naghihirap pa ‘yung tao dahil sa pagkakaiwan sa kanya ng girlfriend niya. I’m still giving him the time to deal with his pain,” sagot niya na hindi maiwasang makaramdam ng pressure sa pagiging demanding ng modelo.

“Kumusta si Derek? Is he taking it well?”

“Obviously, he’s very much hurt. Napakababa ng kanyang morale. Biruin mo nga naman miserable na nga ang kondisyon niya ‘tapos ipinagpalit pa siya sa iba ng taong minamahal niya. Nakakaawa…”

“I cannot imagine seeing him looking so down and powerless. Kasi in the few times na nakita ko siya kapag dinadala siya ni Lisa rito, siya ‘yung tipong pagpasok pa lang ng pinto, hindi niya alam pero he already commands attention from the people. Imposibleng hindi mo siya mapapansin dahil

napakaguwapo niya, katulad siya ng mga Spanish men that I had fun with when I vacationed in Spain five years ago. Kaya naman itong pinsan kong si Lisa ay parati siyang ipinaparada sa mga tao dahil gustong-gusto talaga nitong kinaiinggitan!"

Pakiramdam ni Ella ay mas lalo pang nadaragdagan ang pagkaawang nararamdaman niya para sa binata nang marinig ang mga sinabi ni Giada. Sa nakita niyang pagwawala ni Derek noon nang malaman ang ginawa ng nobyo ay nabatid niya kung gaano katapat ang pagmamahal nito kay Lisa. Samantalang para naman sa modelo ay isang trophy boyfriend lamang si Derek Legarda.

*He definitely deserves to be treated better than that…*

# 4

"May hinahanap po ba kayo, Señorito?" tanong ni Ella nang pumasok sa silid ni Derek at nakita itong nakaupo sa sahig habang napaliligiran ng CD collection nito.

"Uhm… yeah… I was trying to find something nice to play," sagot nito habang pinakikiramdaman ang kanyang mga yabag. "Can you help me?"

"Sige po, ano po ba ang gusto ninyong patugtugin?" tanong niya na umuupo na rin sa tabi nito sa sahig habang tumitingin sa sangkaterbang CDs na nakakalat.

"Ikaw na ang mamili."

Sa kanyang paghahanap ng maaaring magustuhan nito ay nakita niya ang isang CD na naglalaman ng mga old songs na kanyang isinalang sa player.

"I love that one, it's my parents theme song," ang pleased na nasabi nito habang pinakikinggan ang kantang *Smile* kasabay ng pag-reminisce sa nakaraan.

“Talaga? ‘Yan naman po ang madalas kantahin sa akin ng papa ko noong bata ako,” pagse-share niya ng significance ng kantang iyon sa kanyang buhay.

“Singer rin ba ang papa mo?” curious nitong tanong.

“Noong binata pa po siya, part po siya ng isang banda na kung tawagin nga noong panahon nila ay combo. Tumutugtog sila sa kung saan-saan, pero natigil rin po siya nang pakasalan niya ang mama ko dahil kinailangan niyang magkaroon ng isang stable na trabaho para masuportahan kaming magkakapatid.”

“Mabuti ka pa may mga kapatid ka. Ako, I’ve always wished for siblings, malungkot kasing lumaki mag-isa.”

“Wala po ba kayong mga pinsan na nakakalaro ninyo noon?”

“Meron din pero iba pa rin ‘yung may kapatid ka na parati mong nakakasama. It’s a different bond…”

Ella could not help but marvel at the way things are unfolding between her and Derek. Noong una ay kulang na lamang hindi siya papasukin nito sa silid, ngunit ngayon ay nagiging mas bukas na ito

sa kanyang presence sa buhay nito. *Ito na ba ang tamang panahon para paibigin ko siya?*

"ELLA, ikaw na ba 'yan?" tanong ni Derek nang marinig ang pagbukas ng pinto kinabukasan ng umaga.

"Hindi, si Yaya Melba mo ito," pagkumpirma ng matanda na papalapit sa kanyang kinauupuan sa gilid ng kama habang dala-dala ang kanyang almusal.

"Ah, Yaya, ikaw pala," aniya na hindi maintindihan kung bakit siya nakakaramdam ng disappointment na hindi iyon ang tagapag-alaga. "Uhm… nasaan na po si Ella?" tanong niya na nakasanayan na rin ang presence ng dalaga sa tuwing magigising siya sa umaga at ito ang magdadala ng kanyang pagkain.

"Tumawag kanina at ang sabi ay male-late daw siya," sagot nito habang ipinapatong ang tray sa ibabaw ng lamesa na iniharap nito sa binata.

"Bakit, Yaya? May nangyari ba sa kanya?" tanong niya na biglang nag-alala.

"Wala naman, Sa tingin ko baka hindi lang nagising nang maaga dahil malamang hatinggabi

na 'yon nakauwi. Napakasipag kasi ng batang 'yon,; pagkatapos ng trabaho niya sa 'yo rito, kumakanta pa siya sa mga bars. Kailangan niya kasing kumayod dahil nasa ospital 'yung kapatid niya."

"Nasa ospital? Bakit, ano'ng nangyari sa kapatid niya?"

"Nabagok ang ulo ng bata sa paglalaro ng basketball, inoperahan sa utak kailan lang dahil may namuo raw na dugo."

"Ganoon ba?" ang tanging nasabi niya na mas lalo pang nadagdagan ang paghanga para sa dalaga. Sa kanilang mga nagiging pag-uusap ay batid niya ang pagmamahal at pagmamalasakit na mayroon ito para sa pinakamamahal na pamilya.

"Bakit parang napapansin ko iba ang pag-aalala mo kay Ella?"

Hindi man nakikita ni Derek ang reaksyon ng mukha nito ay halata naman niya sa tinig nito ang panunukso. "Ano kasi… mabait si Ella… matiyaga siya sa akin kahit pa minsan aminado akong masungit ako. Walang ibig sabihin ito, Yaya, kaya puwede ba huwag kang malisyosa d'yan," defensive niyang sagot.

"Bakit? Wala naman akong ibang ibig sabihin,

ikaw lang naman ang nagbibigay ng kulay d'yan," painosente pang balik nito. "Sige na nga, iwan na muna kita at titingnan ko pa 'yung trabaho ng mga tao sa 'baba." Tumayo na ito mula sa pagkakaupo sa kanyang tabi sa kama. "Hijo, sa totoo lang, kung may isang babae man na gusto kong ipalit mo kay Lisa, si Ella 'yon dahil alam ko kung gaano kabuti siyang tao at nakikita ko kung paano siya mag-alaga at magmalasakit sa 'yo…" ang mga huling salita ng matanda bago siya tuluyang iwan sa silid.

*Hindi ko man nakikita ang mga sinasabi mo, Yaya, pero damang-dama ko 'yon…*

"SORRY PO late ako, Señorito," humahangos na bungad ni Ella sa amo na nadatnan niyang nakatayo sa basketball court.

"It's okay, Ella, Yaya Melba fed me well this morning," paniniguro ni Derek habang hawak-hawak ang bola. "Want to shoot some hoops?"

"Ha? H-hindi po ako marunong mag-basketball," napakamot-ulo niyang balik.

"It's just easy, like this." Ipinakita nito ng dribbling skills animo'y walang problema sa paningin. He was moving all from instinct which has been honed from

the many years of playing the sport.

"Wow! Star player ka po siguro noong nag-aaral ka pa…" ang visibly impressed niyang nasabi na hindi lubos-maisip kung paano nito nagagawa iyon.

"Well, hindi naman star player but I was part of the team in high school, pero hindi na ako nakapag-varsity noong college dahil nag-concentrate na ako sa studies ko," paliwanag nito. "Enough talking, let's just play." Bigla nitong ipinasa ang bola na kanya na muntikan pang hindi masalo.

She struggled with the dribbling and shooting, but still Derek patiently tried to coach her. Naantala lamang ang kanilang paglalaro nang mag-ring ang cellphone ng dalaga.

"Go ahead, answer it. Baka importante 'yan," pagbibigay nito ng permiso sa kanya.

"Excuse me lang po," aniya, sabay tumalikod dito. "O, Edison, ikaw pala," naiilang niyang bati sa nobyo na hindi pa nakakausap magbuhat nang magkaroon sila ng mainitang pagtatalo ukol sa kanyang pag-a-apply sa trabaho na hindi man lang sinabi rito.

"So 'Edison' na lang pala ako ngayon," may bahid ng pagtatampo nitong balik.

*Wala akong panahon para sa mga pag-iinarte mo ngayon!* nais sana niyang sabihin, ngunit pinigilan ang sarili dahil within earshot lamang siya ni Derek na muling bumalik sa pagdi-dribble ng bola nito. “Ano ba’ng kailangan mo?” sa halip ay sinabi na lamang niya na mababatid pa rin ang bahagyang pagkairita sa tinig.

“Wala ka bang naaalala sa araw na ito?”

*Oh no! April 16 nga pala ngayon! Second anniversary namin!* na-realize niya na tuluyan nang nilubayan ng pagkairita na napalitan naman ngayon ng guilt dahil nawala sa isipan ang importanteng araw na iyon sa kanilang relasyon. “Siyempre meron, it’s… it’s our anniversary,” maingat niyang bulong, sabay tingin kay Derek na mukha namang walang naririnig.

“Bakit ba ang hina-hina ng boses mo, nasaan ka ba?”

“Ah… natutulog kasi ‘yung inaalagaan ko…” pagsisinungaling niya na nakatuon pa rin ang paningin sa binata.

“I see. So, puwede ba tayong magkita mamaya?”

“Sure, saan?” kaagad niyang sagot sa pagnanais na makabawi naman sa napapabayaan nang

boyfriend.

"I'll just text you the place and time…" anito bago sila nagpaalam sa isa't isa.

"Mukhang masinsinang pag-uusap 'yon, ah," komento ni Derek nang muli niya itong samahan sa court. "Sino 'yon, boyfriend mo?"

"Ah… eh… hindi po, Señorito, kaibigan ko lang po 'yon," pagsisinungaling na naman niya na muli ay malaki ang pasalamat dahil hindi nito nakikita ang hitsura ng kanyang mukha dahil sigurado siyang bakas dito ang hindi niya pagsasabi ng totoo. "Wala po akong boyfriend," dagdag pa niya na nakakita ng pagkakataon upang simulan na ang kanyang plano ng pagpapahiwatig dito.

"Wala kang boyfriend? Parang ang hirap naman yatang paniwalaan niyan; ang sabi sa akin ni Cris ay napakaganda mo raw. At kapag nagsabi ang best friend kong 'yon ay naniniwala ako dahil mataas ang standard n'on pagdating sa babae."

At tulad ng madalas mangyari sa tuwing mapupuri ay pinamulahan uli ng pisngi ang dalaga. The compliment certainly rendered her speechless for a few seconds until she found the perfect response in that moment. "Sa panahon ngayon, parang ang

hirap na kasing maghanap ng lalaking tapat na magmamahal sa akin…”

Naging effective naman ang pahayag ni Ella dahil kinagat nito iyon. “Bakit? Marami na bang lalaking bumigo sa ‘yo?”

“Hindi ko masasabing marami, pero sa dalawang relationships ko na parehong naging masaklap… niloko at iniwan nila ako matapos kong ibigay ang buong puso ko sa kanila… parang… parang ang hirap nang magtiwala…” patuloy pa niyang paggagawa ng istorya na umaasang iyon ang magbubuklod sa kanila ni Derek.

“Hindi pala tayo nagkakalayo ng naging experience; pareho tayong niloko at iniwan ng mga mahal natin,” sabi nito na ang pakiramdam ay tila may kung anong pinto na nabuksan sa pagitan nila ng dalaga.

“Kaya nga, eh…” pagsang-ayon niya. “Pero siguro it happened for a reason. Baka hinayaan ng Diyos na mangyari iyon sa atin dahil mayr’on Siyang inilaan na taong talagang mas nararapat para sa atin…”

Magmula nang nakipagkalas sa kanya si Lisa ay naging negatibo na ang pananaw ni Derek pagdating

sa pag-ibig at pakikipagrelasyon, ngunit noong mga sandaling iyon ay tila unti-unti iyong napapawi at muling sinisinagan ng liwanag ang dumilim niyang mundo. “Baka nga… baka nga…”

“MUKHANG HINDI NGA ako nagkamali sa pagpili kay Ella bilang caregiver ni Derek. My son seems to have changed a lot ever since Ella came,” natutuwang nasabi ni Señora Josephine habang pinagmamasdan ang anak kasama ang dalaga sa basketball court.

“Sinabi mo pa, Señora,” pagsang-ayon ni Yaya Melba na kaka-serve pa lamang ng merienda nito sa patio ng mansion na derechong nakatanaw sa direksyon ng basketball court. “Malaki na talaga ang ipinagbago ni Señorito Derek, hindi na siya masungit at suplado ngayon at hindi na rin siya nagkukulong sa kuwarto niya. Siya pa mismo ang nagsabing gusto niyang magpunta d’yan sa basketball court na matagal na niyang hindi tinutuntungan magbuhat nang siya ay mabulag.”

“Mabuti naman kung ganoon, napakatagal ko na ring ipinagdarasal na bumalik muli ang sigla ng anak ko at mukhang dinidinig na ng Diyos ang mga panalangin ko sa wakas…”

“Mukhang hulog talaga ng langit si Ella sa inyong anak…” natutuwa ring pahayag ng matanda habang nakatuon ang paningin sa dalawa na sa tingin nito ay bagay na bagay sa isa’t isa. Mayamaya ay sumeryoso ang anyo nito. “Señora, paano kung magkahulugan ng loob ang dalawang ‘yan, pabor po ba kayo?”

Napaisip nang malalim ang ina ni Derek. “Hmm… kung mayroon man akong natutunan mula sa pagkakaaksidente ng anak ko, iyon ay ang pagkakaroon ng mga tunay at tapat na tao sa iyong paligid. Hindi natin maikakaila na napakaraming babae ang naghahangad sa aking anak noong siya ay nakakakita pa at aktibo sa social circles, ngunit nang mabulag siya at mawala sa sirkulasyon ay naglaho na rin ang mga tagahangang iyon pati mismo ang babaeng pinag-ukulan niya ng pagmamahal ay tinalikuran siya’t ipinagpalit sa iba. Ang tanging mahihiling ko na lang para sa aking anak ngayon ay ang makahanap siya ng isang babaeng tapat na magmamahal sa kanya at hindi siya iiwan. Kung si Ella man ang babaeng ‘yon ay maluwag ko ‘yong matatanggap…”

*OH SH*T! 8:20 na pala, naghihintay na sigurado*

*si Edison sa restaurant!* natatarantang naisip ni Ella matapos tumingin sa relo habang inaalalayan si Derek patungo sa kama nito.

"Your shoulder seemed tense," puna nito habang nakahawak sa kanyang balikat.

"Uhm… pagod lang po siguro ako…" sinabi na lamang niya habang hindi mapakali sa katitingin sa kanyang relo.

"Masyado ka kasing workaholic, that's why it is taking its toll on your body," tugon nito habang papaupo sa kama. "How about we go out? Pumunta tayo sa mga bars na kinakantahan mo but this time you'll not gonna work, you will just relax and have a good time. And besides, I think I need it too. Isang taon na rin magmula nang huli akong nakalabas…"

*Oh no! Not today!* naisaloob niya na halos mamanhid ang katawan lalo na nang makitang eight twenty-five na. Bigla ay nag-flash sa kanyang isipan ang hitsura ng boyfriend habang naiinip itong naghihintay sa kanya sa restaurant, ngunit sa isang banda ay alam niyang hindi niya maaaring hindi pagbigyan si Derek hindi lamang dahil nagtatrabaho siya para rito kundi dahil alam niyang bibihira lamang mangyari na magkaroon ito ng ganang lumabas mula sa apat na sulok ng mansion ng mga

ito.

"Or maybe you're so tired that it's not a good time today," pagbabawi na sana nito nang hindi makarinig ng sagot mula sa kanya.

"No, tonight's fine. Let's go out!" kaagad niyang turan bago pa man tuluyang magbago ang kanyang isipan.

"Are you sure?"

"Yes!"

Samantala....

*Sorry, honey, I can't make it tonight. Stuck at work. Happy Anniversary!*

Iyon ang mga salitang tumambad sa mga mata ni Edison nang sa wakas ay makatanggap ng text message sa kanina pa kinokontak na nobya. Nasa restaurant na siya kung saan nila napag-usapang magkikita para i-celebrate ang kanilang second anniversary, ngunit mangangalahating oras na ay hindi pa rin ito nagpapakita at iyon pa ang mensaheng kanyang natanggap.

*Sh*t! Ganito na lang ba talaga tayo ngayon, Ella? Hindi mo na ba talaga ako magagawang bigyan ng puwang sa buhay mo?* mapait at puno ng hinanakit

na naisaloob niya.

Puno ng frustration na lumabas ng restaurant si Edison na hindi na-imagine na sa ganoon magtatapos ang gabing buong araw niyang hinintay. It's been a long time since he'd been with his girlfriend and he really missed her a lot.

"SAANG BAR mo po gustong pumunta, Señorito?" tanong ni Ella matapos tingnan muli ang cellphone at makitang wala pa ring sagot ang boyfriend. Treinta minutos na magbuhat nang i-text niya ito, subalit hindi pa rin ito sumasagot. Alam niyang kapag ganoon ay galit ito na hindi naman niya masisi dahil sinira nga niya ang kanilang second anniversary celebration.

"Please stop calling me 'Señorito' saka tigilan mo na rin ang paggamit ng 'po' sa akin, pakiramdam ko ang tanda-tanda ko na tuloy," pakiusap ni Derek na komportableng nakaupo sa likuran ng *Lincoln* na minamaneho ni Mang Rudy na siyang katabi ni Ella sa harapan. "Just call me 'Derek.'"

"Okay, so… Derek… saan n'yo po… este… saang bar mo gustong magpunta?" aniyang hirap na hirap bigkasin.

"Uhm… how about at *Giada's*? I know the owner there."

"*Giada's*?" nabiglang pag-uulit niya. Kilala niya kasi ang mga tao roon at sadyang hindi lang siya handa na makita ng mga ito na kasama si Derek Legarda.

"Why? Hindi mo ba gusto sa *Giada's*?" tanong ni Derek na batid sa kanyang tinig ang pag-aalinlangan.

"Hindi, okay lang sa *Giada's*; gusto ko doon," paniniguro niya, sabay turo sa driver ng direksyon.

*Wala kang dapat ipag-alala, Ella, si Ma'am Giada lang ang may alam ng tungkol sa kasunduan ninyo ni Lisa. At hindi ka naman niya ipapahamak…*

"DEREK?" di-makapaniwalang pagkilala ni Giada nang bigla itong matigilan sa pagkausap sa bartender at mapalapit sa pupuwestuhan ng kararating pa lang na ex-boyfriend ng pinsan kasama si Ella. "What a surprise!" she exclaimed while looking at her singer trying to mouth to her, 'why is he here?'

"How are you doing, Giada? It's been a long time since I last saw you…" balik ng binata na walang

kamalay-malay sa mga senyasang namamagitan sa pagitan ng dalawang babae.

"I'm fine, Derek, very much fine…" sagot nito na hindi pa rin mapigilang maging awkward lalo na at napakalaki ng kasalanan ni Lisa rito.

"Ito ang first time ko na lumabas in almost a year since mabulag ako. I got to admit it feels a bit strange…" pag-amin ng binata na nakapag-settle na sa puwesto nila sa corner ng malapit na ring mapunong bar.

"Oh, I'm honored that you chose to be here in my bar among all the new ones na nagsusulputan d'yan. Or was it you, Ella, na pumiling dalhin siya rito?"

"Do you know Giada, Ella?" nasorpresang tanong ni Derek.

Napilitan na ring umamin ang dalaga. "Ah… eh… yes… I do know her. Isa po kasi ito sa mga bars na pinagkakantahan ko…"

"Oo nga, isa sa mga singers ko rito si Ella. She's one of the most sought-after singers here, actually. Napupuno itong bar ko kapag siya ang kumakanta," dugtong ni Giada na nakakaramdam ng matinding pagkabog ng dibdib. Sadyang hindi lang kasi ito

sanay sa mga ganoong klase ng tense situations.

"Talaga? Bakit hindi mo nabanggit sa akin ang tungkol rito, Ella?"

"Uhm… kasi..." Napahawak siya sa kamay ng katabing bar owner, signal iyon ng paghingi niya ng tulong.

"Ano kasi, Derek, mahiyain talaga 'tong si Ella. Hindi ko nga alam kung paano niya nagagawang maging isang singer. Sa stage ay para siyang ibang tao kapag kumakanta, full of confidence but when she gets off it, balik na naman siya sa pagiging mahiyain niya," sagot ni Giada para sa kanya na siya namang totoo. May pagkamahiyain nga talaga siya off-stage.

"So you are like some sort of a two-faced girl pala, Ella," anang lalaki, flashing that warm and genuine smile on his handsome face.

"P-parang ganoon na nga…" tanging nasabi niya na napapahawak sa dibdib sa labis na tensyong inaabot nang mga sandaling iyon.

"Ma'am Giada, tumawag po si James. Ang sabi niya ay hindi raw siya makakarating para sa gig niya ngayon dahil nilalagnat siya," sabad ng assistant sa amo na lumapit sa kanilang puwesto.

“Ano? Paano na ‘yan, wala pa naman ‘yung kasunod niya. Kailangan na nating mag-start!” napahawak sa ulong saad ng may-ari na biglang napadapo ang paningin sa kanya. “Hulog ka talaga ng langit, Ella. Please save me, sing for us tonight. Kahit ilang kanta lang hangga’t hindi pa dumarating ‘yung susunod na singer,” pakiusap nito.

“Ha! Pero hindi ako handa, wala akong damit saka… saka ano’ng kakantahin ko?” aniyang nanlaki ang mga mata.

“Hindi bale, may dress ako sa opisina, kasya sa ‘yo ‘yon. At saka kumanta ka na lang ng kahit ano. Please, Ella, naiinip na ‘yung mga tao, please entertain them,” halos pagmamakaawa na nito.

“Please, Ella, I want to hear you sing.”

“O, ayan, si Derek na ang nagre-request, matatanggihan mo ba siya?” panggagatong ni Giada.

Wala siyang nagawa kundi sumang-ayon. Iniwan muna nila si Derek upang tunguhin ang opisina ni Giada.

“Grabe ka naman, Ella! Hindi ka man lang nagpasabi na dadalhin mo pala si Derek rito. Mabuti na lang bulag siya dahil kung hindi’y siguradong bistado na niya tayong dalawa kanina!” nakahinga

nang maluwag na nasabi ng may-ari habang iniaabot sa singer ang isang fuschia spaghetti-strapped dress. “Mapapatay ko talaga si Lisa pag umuwi siya rito, eh. Wala naman akong kasalanan, pero pakiramdam ko’y guilty rin ako! Ella, how can you manage to face him everyday doing that scheme of yours?”

“Tulad ng sinabi mo buti na lang bulag siya dahil kung hindi matagal na niya akong bistado,” pag-uulit niya sa sinabi ni Giada kanina lang habang isinusuot ang damit nito.

“O, sa ‘yo pala bagay ang damit na ‘yan, eh,” komento nito nang matapos na siyang magbihis.

“Ano nga ba ang kakantahin ko?” tanong ni Ella na mas mataas ang anxiety ngayon kumpara noon kapag nakakapaghanda siya.

“Bahala ka na. Sing whatever you feel like singing at this moment.”

*YOU’VE BEEN doing this forever, Ella, bakit ka ba kailangang kabahan?* paalala niya sa sarili nang tumuntong sa maliit na entablado at nakaramdam ng kakaibang klase ng stage fright. *Don’t tell me this is because of Derek*, nangangamba niyang naisip nang mapadapo ang paningin sa binata at doon niya

naramdaman ang matinding pagkabog ng dibdib.

Pilit niyang inialis ang bagay na iyon sa isipan at ibinigay na lamang ang buong konsentrasyon sa awitin. Ngunit sa bawat pagkanta niya ng mga linya ay tila tumatagos ang lahat sa kanyang puso at nagkaroon ng ibang kahulugan ang kantang *Eyes On Me* na ilang taon na rin niyang inaawit.

*So let me come to you*

*Close as I wanna be*

*Close enough for me*

*To feel your heart beating fast*

*And stay there as I whisper*

*How I loved your peaceful eyes on me*

*Did you ever know*

*That I have mine on you…*

"Wow, you really have such an amazing voice!" sinserong komplimento ni Derek nang muling makabalik si Ella sa kanilang lamesa kasama si Giada.

"Thank you," nahihiya niyang balik dito.

"Hay naku, Ella! Thank you so much, you saved me tonight!" anang bar owner na nakahinga nang maluwag.

"I think napanood na talaga kita mag-perform before. That song was familiar…" saad ni Derek.

"Baka dito mo rin siya napanood noon nang dalhin ka rito ni Lisa—" Huli na nang ma-realize ni Giada kung ano ang nasabi. Pansamantala iyong nagdulot ng tensyonadong katahimikan sa kanilang lamesa.

Ngunit kaagad ding binasag iyon ng binata. "Hey, it's all right, you can mention Lisa's name," natatawang paniniguro nito dahil halatang ingat na ingat ang dalawa sa mga bagay ukol sa nasirang relasyon nito sa modelo. "I can manage it now. I'm starting to move on…"

Giada gave Ella an approving glance dahil sa tingin nito ay nagiging successful ang kanyang ginagawa para mabilis na maka-recover ang binata. At masaya rin siya hindi dahil alam niyang nagagawa niya nang maayos ang kanyang trabaho, kundi dahil nakikita niyang mas maayos na ang kalagayan ng amo ngayon.